




Programa sa Bawas na Pamasaheng Pang May-Kapansanang, May Larawang Card ng Pagkakakilanlan

Tungkol sa Card ng Pagkakakilanlan

Ikinaliligaya ng Omnitrans maghandog ng mga pang may-kapansanang, may larawang mga card ng pagkakakilanlan (ID) para sa mga tao na may kapansanan. Binibigyan ng card na ito ang mga taong may kapansanan ng kumbinyenteng katibayan ng pagiging nararapat para sa mga may diskuwentong pases sa bus at perang pamasaheng. Upang makatanggap ng pang may-kapansanang, may larawang ID card, dapat kang magsumite ng **LAHAT** ng sumusunod sa Omnitrans:

- Nakumpletong aplikasyon (nakalakip)
- Kopya ng **ISA** sa mga sumusunod na mga katibayan ng kapansanan: *
 - Resibo ng pang may-kapansanang placard ng Department of Motor Vehicles
 - Social Security Medicare Card o liham sa pagbibigay ng insurance
 - V.A. na liham na kumukumpirma ng kapansanan na 50% o mas mahigit
- Isang de-kolor na litrato ng aplikante (hindi ibabalik ang mga litrato):
 - Wallet size na litrato
 - Ulo at balikat, camera na nakaharap sa harapan (tingnan ang sample)
 - Plain na puti (o light) na background
 - Walang mga sumbrero, bandana, sunglasses, o mga headband para matakpan ang mga feature (**TANDAAN:** Kung may suot ang aplikante ng takip sa ulo para sa kadahilanan ng relihiyon, o shaded na salamin dulot ng kapansanan sa paningin, mangyaring magsumite ng tala kasama ng iyong litrato at tatanggapin ito)
- May \$2.00 na hindi mare-refund na bayad sa pagproseso (tseke o money order na maaaring ibayad sa ScreenCheck [lang](#) - walang cash)



MAGPADALA ng litratong katulad nito

Pakitandaan: Ang mga pang may-kapansanang, may larawang ID card ay balido nang hanggang limang taon, at mapapaso sa kaarawan ng cardholder. Lahat ng nilaang impormasyon sa aplikasyon mo ay kumpedensiyal.

* Kung Wala Kang Katibayan ng Kapansanan

Kung wala ka nang isa sa mga form ng katibayan ng kapansanang nakalista sa itaa, (resibo ng DMV, Social Security Card o liham ng V.A.), pakikumpleto ang nakalakip na aplikasyon at ipakumpleto sa iyong doktor o kwalipikadong propesyonal sa pangangalaga ng kalusugan ang Ikalawang (2) Seksyon ng aplikasyon (nakalakip).

Saan Isusumite ang Iyong Aplikasyon

Kapag nakumpleto ang aplikasyon mo, pakipadala lahat ng mga pahina, kasama ang iyong wallet-sized na larawan at \$2.00 na hindi mare-refund na bayad sa pagpoproseso sa sumusunod na address. Tandaang huwag magpadala ng mga dokumento sa katibayan ng kapansanan o cash.

ScreenCheck North America
Attn.: Omnitrans
2621 Corrinado Ct.
Ft. Wayne, IN 46808

Pakitandaan: Kapag natanggap ang nakumpleto mong aplikasyon, aabutin nang tinatayang 10 araw ng trabaho para maproseso ito. Kapag naaprubahan ang aplikasyon mo, ang iyong card ng pagkakakilanlan ay ipapadala sa iyo sa mail.

Para sa higit pang impormasyon o mga tanong, pakitawagan ang Omnitrans Customer Service sa **(909) 379-7100**.

**DAPAT KUMPLETUHIN ANG FORM NA ITO NG LAHAT NG MGA
APLIKANTE**



**Aplikasyon sa Bawas na Pamasaheng Pang May-Kapansanang, May Larawang
Card ng Pagkakakilanlan**

Pakiprint Lahat ng Impormasyon

PANGALAN: _____
(Una, Gitna Inisyal, Apelyido)

ADDRESS: _____ LUNGSOD: _____ ZIP: _____
(Numero, Kalye, Numero ng Apartment)

PETSA NG KAPANGANAKAN: _____ TELEPONO: _____
(Buwan, Petsa, Taon)

SOCIAL SECURITY NUMBER (Huling Apat na Digit Lang): XXX - XX -

(TALA: Ang pagbibigay ng Mga Numero ng Social Security ay Boluntaryo, at Gagamitin para sa Panloob na Layunin sa Pagsusubaybay Lang)

Suriin ang kategorya sa ilalim kung saan ka nag-a-apply para sa Bawas na Pamasaheng Card ng Pagkakakilanlan:

TALA: Kapag nilagyan mo ng check ang Mga Kategorya 1 - 3, dapat kang magsumite ng kopya ng katibayan mo sa pagiging nararapat kasama ng aplikasyon na ito. Kapag nilagyan mo ng check ang Kategorya 4, dapat kang magsumite ng nakumpletong Seksyon 2 form (nakalakip) kasama ng aplikasyon na ito.

- Social Security Medicare Card o liham ng award ng insurance sa kapansanan
- Card ng Pagkakakilanlan/Resibo ng pang may-kapansanang placard ng Department of Motor Vehicles
- Liham ng V.A. na kumukumpirma ng kapansanan ng 50% o mahigit
- Medikal na Kapansanan. Kumpletuhin ang form sa Seksyon 2 (nakalakip) na medikal na release at ibigay ang pakete ng aplikasyong ito sa iyong propesyonal sa pangangalaga ng kalusugan para kumpletuhin batay sa pamantayan ng pagiging nararapat.

Dinedeklara ko, sa ilalim ng multa ng mga batas ng Estado ng California, na ang mga tugon na binigay ko ay totoo.

Lagda ng Aplikante _____ Petsa: _____
(o tagapag-alaga kung ang aplikante ay mas bata sa eada na 18 taong gulang)

Mangyaring huwag kalimutang isama ang iyong larawang wallet-size, isang kopya ng katibayan ng iyong pagiging nararapat, at \$2.00 na hindi mare-refund na bayad sa pagproseso sa iyong aplikasyon. I-mail sa:

ScreenCheck North America
Attn.: Omnitrans
2621 Corrinado Ct.
Ft. Wayne, IN 46808

Reserbado ng Omnitrans ang karapatan na gumawa ng pinal na determinasyon ng pagiging nararapat para sa bawas na pamasaheng mga card ng pagkakakilanlan. Ang aplikasyong ito ay para lang sa panloob na paggamit, at hindi sasailalim sa pampublikong pagrepaso. Nauunawaan na ang pagbibigay ng bawas na pamasaheng card ng pagkakakilanlan ay para sa layunin ng pagkilala sa mga serbisyong transportasyon; hindi ito maililipat. Kung ang aplikasyon para sa bawas na bayad na card ng pagkakakilanlan ay maaaring itanggi, maaaring magsumite ang aplikante ng nakasulat na apela sa loob ng 14 na araw ng petsa ng liham sa pagtanggig, humiling ng pagrepaso at rekonsiderasyon ng aplikasyon.



Seksyon 2

Isang Tala Para sa Mga Medikal na Tagapagsertipika

Ang Programa sa Bawas na Pamasaheng Pang May-Kapansanang, May Larawang Card ng Pagkakakilanlan ng Omnitrans ay nagpapahintulot sa mga indibiduwal na makatanggap ng mga diskuwento sa pamasaha, ayon sa inaatas ng batas ng estado at pederal. Ang pasyenteng nagpakumpleto sa iyo ng nakalakup na form ay humihiling ng ganitong diskuwento.

Pakitulungan kaming matiyak na tanging mga kwalipikadong indibiduwal ang masesertipikahan. Pakirepaso ang mga inaatas sa pagiging nararapat sa likurang panig ng form na ito at ibaba bago kumpletuhin ang sertipikasyon. Kung mayroon kang anumang mga tanong, mangyaring makipag-ugnayan sa Omnitrans sa (909) 379-7100.

TALA: Upang sertipikahin ang may kapansanan o handicapped na tao para sa isang Bawas na Pamasaheng Card ng Pagkakakilanlan ng Omnitrans, dapat kang sumang-ayong:

- Patotohanan bilang nararapat ang mga indibiduwal na nakakatugon sa pamantayang kasama sa aplikasyong ito;
- Magbigay ng pagpapatotoo ng impormasyong nilalaman ng aplikasyong ito kapag hiniling;
- Magkaroon ng tamang propesyonal ng degree at malisensiya sa Estado ng California, bilang susunod:
 - Ang mga lisensiyadong manggagamot na may M.D. o D.O. na degree, lisensiyadong mga assistant ng manggagamot at mga nurse practitioner ay maaaring magpatotoo sa lahat ng mga kategorya kung saan sila may lisensiya mag-diagnose.
 - Ang mga lisensiyadong chiropractor ay maaaring magpasertipika sa Mga Kategorya 1 - 4 (pakitingnan ang likurang panig).
 - Ang mga lisensiyadong podiatrist ay maaaring magsertipika ng mga kapansanan na kaugnay ang paa sa Mga Kategorya 1 - 4 (pakitingnan ang likurang panig).
 - Ang mga lisensiyadong optometrist ay maaaring magsertipika sa Kategorya 9 (pakitingnan ang likurang panig).
 - Ang mga lisensiyadong audiologist ay maaaring magsertipika sa Kategorya 10 (pakitingnan ang likurang panig).
 - Ang mga lisensiyadong clinical psychologist at lisensiyadong educational psychologist ay maaaring magsertipika sa Mga Kategorya 12, 15, 16, at 17 (pakitingnan ang likurang panig).
 - Ang mga lisensiyadong social worker o mga CSC ay maaaring magsertipika sa Kategorya 17 (pakitingnan ang likurang panig).

Ang iyong address at impormasyon sa medikal na lisensiya (inaatas sa bawat form ng aplikasyon) ay patotohanan sa Medical License Board ng estado, at sa Department of Consumer Affairs ng California.

Salamat sa mga pagsusumikap mong tulungan ang Omnitrans na magbigay ng kalidad na serbisyo sa lahat ng mga kostumer nito at sa pagtulong na mentinahin ang integridad ng Programa sa Bawas na Pamasaheng Pang May-Kapansanang, May Larawang Card ng Pagkakakilanlan ng Omnitrans.

PAMANTAYAN SA PAGIGING NARARAPAT SA Programa Sa Bawas Na Pamasaheng/Pang May-Kapansanang, May Larawang Card Ng Pagkakakilanlan Ng Omnitrans

Ang mga aplikante ay nararapat sa programa sa ilalim ng mga sumusunod na kategorya kung may mga kundisyon silang:

KATEGORIYA 1 — *Non-Ambulatory na Mga Kapansanan:* Gawing kailangan gumamit ng wheelchair para makagalaw.

KATEGORIYA 2 — *Mga Pantulong sa Paggalaw:* Gawing masyadong mahirap na maglakad nang walang tulong na kailangan nilang gumamit ng tulong sa paggalaw.

KATEGORIYA 3 — *Musculo-Skeletal na Kapansanan (kabilang ang Rayuma):* Magresulta sa musculo-skeletal na kapansanan, hal. muscular dystrophy, osteogenesis imperfecta o anumang uri ng rayuma (katulad ng functional Class III o anatomical Stage III).

KATEGORIYA 4 — *Amputasyon:* Magresulta sa alinman sa amputasyon o pangunahing depormidad/kawalan ng paggana ng: a) magkabilang kamay; o b) isang kamay at isang paa; o c) isa o magkabilang binti sa itaas ng tarsal region.

KATEGORIYA 5 — *Cerebrovascular Accident (Stroke):* Dulot ng o nagresulta sa: a) pseudobulbar palsy; o b) functional na motor deficit sa alinman sa dalawang ekstremidad; o c) ataxia na nakakaapekto sa dalawang ekstremidad na pinatibay ng mga angkop na cerebellar na senyales o proprioceptive na kawalan na mas matagal sa apat na buwan.

KATEGORIYA 6 — *Mga Sakit sa Pulmon:* Isinasalarawan bilang mga pangrespiratoryong kapansanan na Class III at IV. (Class III - FVC sa pagitan ng 51 porsiyento at 59 porsiyento ng tinaya; o FEV na nasa pagitan ng 41 at 59 na porsiyento ng nataya. Class IV - FVC na mas mababa sa o katumbas ng 50 porsiyento ng tinaya; o FEV na mas mababa sa o katumbas ng 40 porsiyento ng tinaya.)

KATEGORIYA 7 — *Mga Sakit sa Puso:* Resulta ng cardiovascular na sakit at nagdudulot na ang mga tao ay magpakita ng markadong limitasyon ng pisikal na aktibidad sa pagganang Class III o IV.

KATEGORIYA 8 — *Diyalisis:* Kailangan ang paggamit ng kidney dialysis machine.

KATEGORIYA 9 — *Mga Kapansanan sa Paningin:* Magresulta sa paningin sa mas maayos na bata, matapos ang pinakamahasag na pagtama, na 20/200 o mas mababa; o sa mga indibiduwal na ang visual field ay contracted (karaniwang kilala bilang tunnel vision): a) hanggang 10 degree o mas mababa mula sa punto ng fixation; o b) kaya ang pinakamalapad na diyametro ay nagsa-subtend sa anggulo na hindi mahigit sa 20 degree; at c) hinidi nakakabasa sa mga karatula o simbolo ng impormasyon para sa maliban sa mga kadahilanan ng wika.

KATEGORIYA 10 — *Mga Kapansanan sa Pagdinig:* Dulot sa pagkabingi o inkapasidad sa pagdinig na ginagawang imposibleng magkomunika o makarining ng mga babalang senyales kung saan ang kawalan sa pagdinig ay 70 dba o mahigit sa 500, 1000, 2000 Hz. na mga sakop.

KATEGORIYA 11 — *Mga Kapansanan sa Inkoordinasyon:* Nagdudulot ng maling koordinasyon o palsy mula sa utak, spinal o peripheral nerve na pinsala, kabilang ang functional nerve na pinsala at/o kakulangan sa functional motor sa alinman sa dalawang biyas o na makabuluhang mababawasan ang mobilidad, koordinasyon o pag-unawa na hindi natutugunan sa mga nakaraang kategorya.

KATEGORIYA 12 — *Mental na Retardation:* Nagresulta sa mababa sa karaniwan na pangkalahatang paggana ng pag-iisip mula sa developmental na panahon o mula sa pagkakasakit o aksidente sa ibang panahon sa buhau, kaugnay ng may kapansanang pag-uugali sa pag-ayon.

KATEGORIYA 13 — *Cerebral Palsy:* Mula sa pagkapanganak o maagang pagkasanggol o nagresulta mula sa sakit sa kalaunan o aksidente at hindi sumusulong. Nagpapakita sila ng markadong regresyon o mga abrasyon ng mga motor function (pagkaparalisa, kahinaan, inkoordinasyon) at/o organic na pinsala sa utak katulad ng mga kapansanan sa pakiramdam, mga seizure, mental retardation, kahirapang matuto at mga kapansanan sa pag-uugali.

KATEGORIYA 14 — *Epilepsy (Convulsive Disorder):* Isang klinikal na sakit na kaugnay ang kapansanan sa pagkakamalay, sinasalarawan ng mga seizure.

KATEGORIYA 15 — *Infantile Autism:* Kapag nasa bata, binubuo ng withdrawal, napakakaunting mga ugnayan sa lipunan, abala sa wika at hindi nagbabagong umuulit na motor na ugali. May kapansanang pangkalahatang intelektuwal na paggana, malalang withdrawal at ang hindi angkop na tugon sa panlabas na stimuli ay maaari ring naroon.

KATEGORIYA 16 — *Neurological na Kapansanan:* Nilalarawan ng mga sakit sa pagtuto, pag-unawa at/o pag-uugali sa isang indibiduwal na ang IQ ay hindi mas mababa sa dalawang mga standard deviation na mas mababa sa karaniwan, at nagresulta sa mga maling paggana ng utak (anumang kapansanan sa pag-aaral gamit ang mga pandama), neurologic na kapansanan o anumang sira sa central nervous system, anumang ang pinagmulan. Kabilang sa kategoryang ito ang mga aplikante na may malalang problema sa paglalakad na pigil ang paggalaw.

KATEGORIYA 17 — *Mga Mental na Sakit:* Mga indibiduwal na ang kapansanan sa pag-iisip ay makabuluhang naglilimita sa isa o higit pa sa kanilang mga aktibidad sa buhay. Kabilang dito ang kawalan ng kakayahang matuto, magtrabaho o alagaan ang sarili. Ang pangunahing diyagnosis mula sa DSM IV na klasipikasyon sa isa sa mga sumusunod na lugar ay inaatas para sa pagiging nararapat: Mga Organic na Kapansanan sa Pag-iisip, Mga Schizophrenic na Kapansanan, Mga Paranoid na Kapansanan, Mga Psychotic na Kapansanan na hindi saanmang ibang kinlasipika, Mga Affective na na Kapansanan, Somata Form na Kapansanan, Mga Dissociative na Kapansanan, Mga Kapansanan sa Pag-aayon, Mga Psychological na Salik ay nakakaapekto sa pisikal na kundisyon at Post-Traumatic Stress Syndrome. Ang mga diyagnosis na ito ay dapat nasa Class III hanggang V na lebel, ayon sa sumusunod:

- Class 3 - Katamtamang Kapansanan. Mga lebel na bagay sa ilan, ngunit hindi lahat, ng mga kapakipakinabang na paggana.
- Class 4 - Markadong Kapansanan. Mga lebel na makabuluhang nakakaabala sa kapakipakinabang na paggana.
- Class 5 - Sukdulang Kapansanan. Mga lebel na humahadlang sa kapakipakinabang na paggana.

(TALA: Kung ang sakit ng aplikante ay nasa remisyon, o ang pangunahing kawalan ng kakayahan ay malala o hindi gumagaling na pagiging alkohol o pagkalulong sa droga, partikular silang hindi isama sa pagiging nararapat sa diskuwento sa pamasaha).

KATEGORIYA 18 — *Hindi Gumagaling na Lumalalang Nakakapangpahinang Mga Sakit:* Nagresulta mula sa hindi gumagaling at lumalalang nakakapangpahinang mga sakit na nilalarawan ng mga konstitusyonal na sintomas katulad ng kapaguram, panghihina, pagbawas ng timbang, kirot at mga pagbabago sa kalagayan ng pag-iisip na kapag pinagsama, nakakaabala sa mga aktibidad ng araw-araw na pamumuhay at makabuluhang nakakapinsala sa paggalaw.

KATEGORIYA 19 — *Maramihang Kapansanan:* Maaaring kasama sa kategoryang ito ang, ngunit hindi limitado sa, mga taong may kapansanan dulot ng pinagsamang mga epekto ng mahigit sa isang kapansanan, kabilang ang mga kaugnay ng edad. Ang mga indibiduwal na kapansan mismo ay maaaring hindi sapat ang kalalaan upang kwalipikahin ang aplikante para sa bawas na bayad sa pamasaha; subalit, ang mga pinagsamang epekto ng mga kapansanan ay maaaring magkwalipika sa indibiduwal para sa programa.



Seksyon 2

Medikal na Pagpapalabas at Sertipikasyon

Pagpapalabas ng Medikal na Impormasyon - Kukumpletuhin ng Aplikante

Kaugnay ng aking aplikasyon para sa Programa sa Bawas na Pamasaheng Pang May-Kapansanang, May Larawang Card ng Pagkakakilanlan, aking pinahihintulutan si Dr. _____ na magpalabas sa Omnitrans ng medikal o ibang personal na impormasyon patungkol sa aking kapansanan. Ang ilalabas na impormasyon ay limitado sa pagpapatotoo ng katayuan ko bilang pasyente at designasyon ng kategorya ng aking kapansanan. Ang ilalabas na impormasyon ay gagamitin para lang alamin ang aking pagiging nararapat sa Bawas na Pamasaheng Pang May-Kapansanang, May Larawang Card ng Pagkakakilanlan.

Natamo ko na may karapatan akong makatanggap ng kopya ng pahintulot na ito at maaari kong bawiin ang pahintulot anumang oras.

Maliban kung maagang nabawi, pahihintulutan ng form na tio ang pagsesertipika sa propesyonal ng pangangalaga sa kalusugan na ilabas ang impormasyon sa ibaba sa Omnitrans hanggang 60 araw mula sa petsa ng aking lagda.

Pangalan ng Aplikante (paki-print): _____

Lagda ng Aplikante: _____ Petsa: _____

(o tagapag-alaga kung ang aplikante ay mas bata sa edad na 18 taong gulang)

PAALALA: Ang aplikasyon mo **AY HINDI** ipoproseso hanggang matanggap ng Omnitrans ang nakumpleto mong aplikasyon (nakalakip) at ang sertipikasyong ito (nakumpleto nang buo ng kwalipikadong propesyonal sa pag-aalaga ng kalusugan), isang wallet-size na litrato at isang \$2.00 na hindi mare-refund na bayad sa pagproseso.

Medikal na Sertipikasyon - Kukumpletuhin ng Propesyonal sa Pag-aalaga sa Kalusugan LANG

Numero ng Kategorya sa Pagiging Nararapat (Tingnan ang mga paglalarawan sa kabilang panig ng "Isang Tapa para sa Mga Medikal na Taga-sertipika" pahina): _____

Kung Kategorya 17, pakilaan ng DSM code (kailangan): _____ At Class: 1 2 3 4 5

TALA: *Mga taong partikular na hindi kasali sa pagiging nararapat na ang tanging kapansanan ay malalang hindi gumagaling na pagiging alkoholik o pang-aabuso sa droga, sobrang katabaan o pagbubuntis*

Permanente ba ang kapansanang ito? Oo Hindi Kung Hindi, tagal ng kapansanan (sa buwan) _____

Pangalan ng Taga-sertipika: _____ Larangan ng Practice: _____

Address: _____ Numero ng Lisensiya sa Estado ng CA: _____

Lungsod: _____ Estado: _____ Zip: _____

Telepono: () _____ Fax: () _____

Aking sinesertipikahan na aking nabasa ang mga pangangailangan sa pagiging nararapat para sa Programa sa Bawas na Pamasaheng Pang May-Kapansanang, May Larawang Card ng Pagkakakilanlan ng Omnitrans at, sa propesyonal kong pasya, ang nabanggit sa itaas na aplikante ay nararapat makatanggap ng may diskuwentong mga pamasaha sa transportasyon dahil sa kapansanan (ayon sa nakatala sa itaas) na naglilimita sa kanyang kakayahang gumamit ng pirming-rutang transportasyon. Alam ko na anumang pagpapalsipika ng kundisyon o anumang bahagi ng kundisyon ay iuulat sa Federal Transportation Administration para sa prosekusyon sa ganap na lawak ng batas.

Lagda ng Medikal na Taga-Sertipika: _____ Petsa: _____